

# 2021 COVID-19 Karagdagang May Bayad na Pagliban Dahil sa Sakit

Simula Marso 29, 2021

Ang Saklaw na Empleyado na nasa publiko o pribadong sektor na nagtatrabaho sa mga employer na may higit sa 25 empleyado ay kwalipikado sa hanggang 80 oras na pagliban dahil sa sakit na may kaugnayan sa COVID-19 mula Enero 1, 2021 hanggang Setyembre 30, 2021 at makukuha agad ito pagkatapos magpaalam sa kanilang employer nang personal o sa pamamagitan ng sulat. Kung lumiban ang isang empleyado dahil sa mga rason sa ibaba bago ang Marso 29, 2021, dapat siyang humiling sa employer nang personal o sa pamamagitan ng sulat para mabayaran.

**Maaaring lumiban ang saklaw na empleyado kung hindi siya makapagtrabaho o maka-telework dahil sa alinman sa mga sumusunod na rason:**

- **Pangangalaga sa Sarili Mo:** Ang empleyado ay kailangang sumailalim sa quarantine o pagbubukod ng sarili na kaugnay ng COVID-19 gaya ng inilalarawan ng kautusan o mga patnubay ng California Department of Health, ng Centers for Disease Control and Prevention ng pederal, o ng isang lokal na opisyal sa kalusugan na may hurisdiksyon sa lugar ng trabaho, napayuhan ng isang healthcare provider na mag-quarantine, o nakararanas ng mga sintomas ng COVID-19 at naghahanap ng medikal na pagsusuri.
- **Pangangalaga sa Miyembro ng Pamilya:** Ang saklaw na empleyado ay nag-aalaga ng isang miyembro ng pamilya na dapat sumailalim sa COVID-19 quarantine o pagbubukod ng sarili o napayuhan ng isang healthcare provider na mag-quarantine dahil sa COVID-19, o nag-aalaga ng isang anak na ang paaralan o lugar sa pag-aalaga ay sarado o hindi available dahil sa COVID-19 sa loob.
- **Kaugnay ng Bakuna:** Ang saklaw na empleyado ay nag-aasikaso ng appointment sa pagpapabakuna o hindi makapagtrabaho o makapag-telework dahil sa mga sintomas na may kaugnayan sa bakuna.

## **May Bayad na Pagliban Para sa Mga Saklaw na Empleyado**

- 80 oras para sa mga itinuturing na full-time na mga empleyado. Ang mga full-time na bombero ay maaaring kwalipikado ng higit sa 80 oras, nalalapat ang mga kapasidad sa ibaba.
  - Para sa mga part-time na empleyado na may regular na iskedyul sa bawat linggo, ang dami ng oras na karanawing nakaiskedyul ang empleyado na magtrabaho sa loob ng dalawang linggo.
  - Para sa mga part-time na empleyado na pabagu-bago ang iskedyul, 14 na beses ng karaniwang dami ng oras na nagtatrabaho kada araw sa nakaraang 6 na buwan.
- Halaga ng Bayad Para sa Karagdagang May Bayad na Pagliban Dahil sa Sakit na COVID-19: Ang mga empleyado na walang eksemsiyon ay dapat bayaran ng pinakamataas sa sumusunod para sa bawat oras ng pagliban:
  - Regular na halaga ng bayad para sa linggo ng trabaho na lumiban
  - Minimum na sahod sa estado
  - Minimum na sahod sa lokal
  - Karaniwang bayad kada oras para sa naunang 90 araw (hindi kasama ang bayad sa overtime)Ang empleyadong may eksemsiyon ay dapat bayaran ng parehong halaga ng bayad na kinakalkula tulad ng iba pang may bayad na pagliban.

**Hindi dapat lumagpas sa \$511 kada araw at sa \$5,110 sa kabuuan para sa Karagdagang May Bayad na Pagliban Dahil sa Sakit na COVID-19 sa 2021.**

**Mahigpit na ipinagbabawal ang paghihiganti o diskriminasyon laban sa isang saklaw na empleyado na humihiling o gumagamit ng karagdagang may bayad na pagliban dahil sa sakit na COVID-19.** Ang isang saklaw na empleyado na nakararanas ng nasabing paghihiganti o diskriminasyon ay maaaring maghain ng claim sa Labor Commissioner's Office. Tingnan ang listahan ng mga opisina sa aming website para mahanap ang opisina sa <http://www.dir.ca.gov/dlse/DistrictOffices.htm> gamit ang listahan ng mga lungsod, lokasyon, at komunidad na nakaayos ayon sa alpabeto o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-536-4636.

Dapat naka-display ang poster na ito kung saan madali itong makita ng mga empleyado. Kung hindi madalas pumupunta ang mga empleyado sa isang pisikal na lugar, maaaring itong ipamahagi sa kanila sa elektronikong paraan.

